Pagpunta sa drive-through na klinika ng pagbabakuna para magpabakuna laban sa COVID-19

amaze | NDS National Disability Services

Filipino

Pupunta ako sa drive-through na klinika ng pagbabakuna para magpabakuna laban sa COVID-19.

Malaki ang mga klinikang ito na nangangahulugang maraming tao ang maaaring magpabakuna laban sa COVID-19 nang sabay-sabay.

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay isang gamot na itinuturok (iniiniksyon) sa aking braso.

Makakatulong ito upang mapigilan ang pagkahawahan ng mga tao at pagkalat ng COVID-19.

Maaari rin nitong pigilan ang mga tao na magkasakit nang malubha mula sa COVID-19.

May mga patakarang dapat sundin sa drive-through na klinika ng pagbabakuna.

Kapag sinabihan akong ihinto ang kotse, dapat patayin ang motor/makina.

Pananatilihin kong bukas ang aking bintana sa lahat ng oras.

Tatanungin ako ng kawani kung mayroon akong appointment.

Ipapakita ko sa kaniya ang aking nakareserbang appointment sa aking telepono.

Mananatili ako sa aking sasakyan at susundin ang mga karatula at mga palatandaan.

May mga kawani na nakasuot ng high-visibility vest na magdidirekta sa akin sa tamang lane.

Kapag nagmamaneho ako papunta sa klinika, may mga taong magsasabi sa akin kung saan ako titigil.

Magtse-check in ako gamit ang QR code sa aking telepono.

Hihilingin sa akin ng isang kawani na ipakita sa kaniya na nag-check in ako.

Kung wala akong telepono, maaari kong isulat ang aking pangalan at numero ng telepono.

Dapat mag-check in ang lahat ng tao sa kotse.

Susuriin ang aking temperatura.

Susuriin ang temperatura ng lahat ng mga tao sa kotse.

Kailangan kong palitan ang aking mask ng bagong disposable na mask.

Titiyakin nito na lahat ng mga pumapasok sa klinika ay may bago at malinis na mask.

Kailangan kong gumamit ng sanitiser sa kamay bago at pagkatapos kong hawakan ang mask.

Lahat ng mga tao sa sasakyan ay kailangang gawin ito.

Tatanungin ang drayber kung sino sa nasa sasakyan ang babakunahan.

Kailangan kong ipakita sa kawani ang aking Medicare Card at photo ID.

May ilang katanungan para sa akin ang kawani.

May ilalagay na sticker sa windscreen.

Ipinapaalam nito sa kawani sa klinika na dumaan na ako sa mga pag-tsek.

Magtatanong sa akin ang isang kawani tungkol sa aking kalusugan.

Pagkatapos ay kakausapin niya ako kung aling bakuna ang makukuha ko.

Magmamaneho ako papunta sa susunod na hintuan.

Sasabihin sa akin ng isang kawani kung saan dapat pumunta.

Kakausapin ako ng nars tungkol sa bakuna laban sa COVID-19.

Maaari siyang magtanong sa akin at sabihin kung ano ang maaari kong maramdaman pagkatapos mabakunahan.

Pagkatapos ay hihingi siya sa akin ng pahintulot na mabakunahan.

Sasabihan ako ng nars na hubarin ang aking jumper o itaas ang aking manggas.

Kung kinakabahan ako sa iniksyon, maaari kong ibaling ang aking tingin sa isang bagay sa dingding.

Maaari akong libangin ng aking suportang tao para mawala ang isip ko sa iniksyon.

Maaari kong tanungin ang nars kung maaari akong makinig ng musika o gumamit ng bagay ng pampawala ng kaba.

Pagkatapos akong maturukan, maglalagay ang nars ng band-aid at/o bulak sa braso ko.

Pagkatapos ay puwede ko nang isuot muli ang aking jumper, o ibaba ang aking manggas.

Ang kawani ay magsusulat ng oras sa aking kotse.

Sinasabi nito sa akin kung anong oras ako nabakunahan.

Magmamaneho ako papunta sa hintayan at paparada doon.

Maghihintay ako sa hintayan nang 15 minuto.

Ito ay 15 minuto mula sa oras na nasa sticker sa bintana ng kotse. Mangyayari ito pagkatapos maturukan.

Paaandarin ko ang timer sa aking telepono.

Maaari akong makinig ng musika at gumamit ng bagay na pampawala ng kaba habang naghihintay.

Maaari akong magsuot ng sumbrero/salaming madilim para harangin ang ilaw kung ito ay masyadong maliwanag.

Kakausapin ako ng isang kawani pagkatapos ng 15 minuto.

Tatanungin niya ako tungkol sa aking nararamdaman.

Sasabihin niya sa akin kung puwede na akong umalis.

Maaari ko nang lisanin ang klinika ng pagbabakuna.

Maraming kapaki-pakinabang na impormasyon ang Pamahalaang Australya tungkol sa bakuna laban sa COVID-19.

Mababasa mo ang tungkol sa:

Ano ang bakuna laban sa COVID-19? – Easy Read

Sino ang dapat magpabakuna? – Easy Read

Ang bakunang AstraZeneca – Easy Read

Ang bakunang Pfizer – Easy Read

Paghahanda sa pagpapabakuna – Easy Read

Ano ang dapat asahan kapag magpapabakuna – Easy Read

Pagbibigay ng iyong pahintulot – Easy Read

Mga maaaring side effect pagkatapos mong mabakunahan – Easy Read

Tingnan ang mga detalye kung paano makakarating (accessibility) at pumunta sa iyong lokal na drive-through na klinika sa pagbabakuna

Ipinagmamalaking binuo sa pakikipagtulungan ng Amaze at National Disability Services

Amaze

Telepono: 03 9657 1600

www.amaze.org.au

E: info@autismconnect.org.au

National Disability Services

Telepono: 03 8341 4300

www.nds.org.au

E: ndsvic@nds.org.au

Mga pagkilala
Pinasasalamatan ang St Vincent's Hospital Melbourne at kanilang mga kawani sa Campbellfield Ford Complex, mga kawani at mga kalahok ng genU Northcote site, Ethnic Community Council ng Victoria at mga miyembro ng Komunidad na nag-aalok ng kanilang suporta at pakikilahok sa muling pagbuo ng drive-through na klinika sa pagbabakuna na magagamit para sa iba't ibang komunidad.

Ang panlipunang mensaheng ito ay nilikha ng Amaze at National Disability Services (NDS) sa pagtataguyod ng Victorian Department of Health at ng Victorian Department of Families Fairness and Housing.

© Amaze 2021